Republika ng Pilipinas
Bayan ng Santa Rosa
Lalawigan ng Laguna

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWANPU'T DALAWANG PANGKA-RANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-7 NG DISYEMBRE, 1988.

Mga Dumalo:

1. Kgg. ROBERTO R. GONZALES - Punumbayan-Namuno
2. Kgg. ANTONIO B. DICTADO - Pangalawang Punumbayan
3. Kgg. EMILIO M. TIONGCO - Kagawad
4. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
5. Kgg. ERIC T. PUZON - Kagawad
6. Kgg. URIEL T. MANGAHIS - Kagawad
7. Kgg. ADELO T. PEREZ - Kagawad
8. Kgg. ANTONIO G. DUNGAO - Kagawad
9. Kgg. AVELINA R. GIRONELLA - Kagawad
10. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
11. Kgg. REYNALDO C. ENTENA - Kagawad, Kinatawan ng sektor ng Agrikultura
12. Kgg. GEMINIANO S. BABASANTA - Kagawad, Kinatawan ng sektor ng Industriya

*************************

KAUTUSANG BAYAN BLG. LXXXVI-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Almodovar)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay ng pagsususog (ammendment) sa KAUTUSANG BAYAN BLG. XVIII-'88 na kinilalang "Comprehensive Zoning Regulation of the Municipality of Santa Rosa" alinsunod sa panuntunang itinatadhana ng Kapasiyahan Blg. 82-'88 upang matugunan ang kasalukuyang pangangailangan sa mga lupaing nasasakop ng bayan ng Santa Rosa, Lalawigan ng Laguna na tumatalakay sa sumusunod:

PANGKAT 1. Pinagtibay ang pagpapalit-gamit (conversion) ng bahagi ng lupain sa Barangay Tagapo, mula sa gamit Industriya at pansakahan ay ginagawang gamit-PAMPAMAHAYAN (Residential) at gamit-PANGKOMERSIYAL (Commercial);

PANGKAT 2. Pinagtibay ang pagtatalaga ng lupaing sasakupin ng Kautusang Bayang ito ay ang sumusunod:

"Simula sa hangganan ng Santa Rosa, Laguna at Barangay Platero, Biñan, Laguna patungong Timog hanggang sa pampang ng Ilog Bungo sa bayan ng Santa Rosa; simula sa Pambansang Lansangan patungong Kanluran hanggang sa hangganan ng Bayan ng Santa Rosa at Biñan;

PANGKAT 3. Pinagtibay na padalhan ng sipi ng Kautusang ito ang Tanggapan ng House and Land Use Regulatory Board;

Received
12/16/88
[signature]

PANGKAT 4 - Ang Kautusang ito ay tutupdin at magkakabisa matapos na mapagtibay at maipaskil sa Sampung (10) araw sa mga lugal na madaling mabasa ng mga mamamayan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang kautusang ito ay sipi mula sa katitikan ng ika-22 pangkaraniwang pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-7 ng Disyembre, 1988.

CYNTHIA G. MERCADO
Kalihim Pambayan